

ALAMIN ANG MGA KATOTOHANAN.

MGA BOOSTER SHOT

NGAYON
PUWEDE NA
PARA SA MGA
EDAD
12+

Ang mga bakuna sa COVID-19 ay ligtas

Ang mga bakuna sa COVID-19 ay napaka-epektibo. Kung ikaw ay ganap na bakunado, mababa ang posibilidad na ikaw ay mahawa ng COVID-19 at ikalat ito sa mga mahal sa buhay. Kahit pa ikaw ay nahawa, pinipigilan ng bakuna na lubha kang magkasakit.




ANG MGA BOOSTER AY LIGHTAS

Ang mga booster sa COVID-19 ay may parehong sangkap sa orihinal na mga bakuna, na napatunayang ligtas para sa daan-daang milyong tao. Ang banayad na pangalawang mga epekto ay karaniwan. Ang malubhang pangalawang mga epekto ay napakabihira.



TUTULONG ANG MGA BOOSTER NA PANATILIHIN KANG PROTEKTADO

Ang mga booster ay mga bakuna na iyong matatanggap ilang buwan matapos kang maging ganap na bakunado upang ikaw ay manatiling protektado laban sa COVID-19.



Ang mga booster ay karaniwan para sa maraming bakuna. Halimbawa, ang bakuna sa tetanus ay nangangailangan ng mga booster kada 10 taon para sa mga nasa gulang.


Napag-alaman ng mga siyentista na sa ilang mga bakuna, bumababa ang proteksyon sa tao sa paglipas ng panahon, at tumutulong ang booster na panatilihin silang protektado. Ang booster sa COVID-19 ay gumagana sa parehong paraan.



Sino ang maaaring tumanggap ng booster

Binibigyan ng mga booster ng dagdag na proteksyon ang lahat, ngunit ang mga ito ay napakahalaga para sa mga taong may mga kondisyon sa kalusugan, trabaho, o sitwasyon sa pamumuhay na nangangahulugan na sila ay nasa mas mataas na panganib na mahawa ng COVID-19 o lubhang magkasakit.

Ang mga booster ay libre para sa lahat anumapan ang iyong katayuan sa imigrasyon, o kung ikaw ay may seguro sa kalusugan o ID.



KUMUHA NG KARAGDAGANG PROTEKSYON

Ang pinakamainam na paraan upang protektahan ang iyong pamilya, iyong komunidad at iyong sarili ay ang maging ganap na bakunado. Nagbibigay ang mga booster ng karagdagang proteksyon. Patuloy na magsuot ng mask, panatilihin ang pagitan sa ibang tao, at manatili sa bahay kung ikaw ay may sakit upang mapanatiling ligtas ang lahat.

Makipag-ugnayan sa iyong doktor, parmasyutiko, o iba pang propesyunal sa kalusugan kung ikaw ay may mga tanong tungkol sa mga booster.

**PROTEKTAHAN ANG IYONG SARILI.
PROTEKTAHAN ANG IYONG KOMUNIDAD.
MAGPABAKUNA.**